Mensahe Anim

# Pagtamo sa Diyos upang Matransporma ng Diyos para sa Layunin ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Job 42:1-6; 2 Cor. 3:8-9; 4:10-12, 16-18; 5:18-20

**I. Ang intensiyon ng Diyos kay Job ay upang siya ay maging isa na namumuhay sa makalangit na pangitain at sa realidad ng ekonomiya ng Diyos:**

A. Ang karanasan ni Job ay isang hakbang na ginawa ng Diyos sa Kanyang ekonomiya upang isagawa ang pang-uubos at pag-aalis mula sa nakontentong si Job upang wasakin si Job nang sa gayon ay magkaroon ng daan ang Diyos na siya ay muling itayo kalakip ang Diyos Mismo at na dalhin siya sa isang mas malalim na paghahanap sa Diyos nang sa gayon ay matamo niya ang Diyos sa halip na Kanyang mga pagpapala at kanyang mga natamo sa kanyang kasakdalan at integridad—Fil. 3:10-14; 1 Cor. 2:9; 8:3; Exo. 20:6; 1 Cron. 16:10-11; 22:19a; 2 Cron. 12:14; 26:3-5; 34:1-3a; Awit 24:6; 27:4, 8; 105:4; 119:2, 10; Heb. 11:6.

B. Ang isa na hindi nagpapahalaga para sa Diyos ay maaaring magtamo ng maraming bagay at maaaring tila masagana (Awit 73:1-15); gayunpaman, ang isa na nagpapahalaga para sa Diyos ay malilimitahan ng Diyos at maaalisan ng Diyos ng maraming bagay; ang intensiyon ng Diyos sa mga naghahanap sa Kanya ay yaong masumpungan nila ang lahat ng bagay sa Kanya at hindi malihis mula sa ganap na pagtatamasa ng Kanyang sarili (bb. 16-28).

C. Ang layunin ng Diyos sa pagtutuos sa Kanyang banal na bayan ay yaong sila ay mabasyuhan ng lahat ng bagay at tanggapin lamang ang Diyos bilang kanilang natamo (Fil. 3:8; cf. Awit 73:25-26); ang nais ng puso ng Diyos ay yaong matamo natin Siya nang lubusan bilang buhay, bilang panustos-buhay, at bilang lahat-lahat sa ating katauhan (Roma 8:10, 6, 11; cf. Col. 1:17b, 18b).

D. Upang makapamuhay sa realidad ng ekonomiya ng Diyos kalakip ang Kanyang dibinong pamamahagi, kailangan natin ang Diyos upang muling itayo ang Kanyang sarili tungo sa ating intrinsikong pagkakabuo nang sa gayon ang ating buong katauhan ay muling mabuuan ni Kristo:

1. Gaya ng inilahad sa mga Liham ni Pablo, ang layunin ng Diyos sa pagtutuos sa atin ay ang alisin sa atin ang lahat ng bagay at ang ubusin tayo upang matamo natin ang Diyos nang higit at higit pa—2 Cor. 4:16-18.
2. Ang pagtatayo ng ekklesia ay sa pamamagitan ng paggawa ni Kristo ng Kanyang tahanan sa ating mga puso, yaon ay, sa pamamagitan ng pagtatayo ng Kanyang sarili tungo sa atin, ginagawa ang ating puso, ang ating intrinsikong pagkakabuo, na Kanyang tahanan—Efe. 3:16-21.

E. Sa loob ni Kristo, ang Diyos ay naibuo tungo sa tao, ang tao ay naibuo tungo sa Diyos, at ang Diyos at ang tao ay magkasamang naihalo upang maging isang entidad, ang Diyos-tao; nagpapahiwatig ito na ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang gawin ang Kanyang sarili na tao upang gawing Diyos ang tao sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos—2 Sam. 7:12-14a; Roma 1:3-4; Mat. 22:41-45; Juan 14:6a; 10:10b; 1 Cor. 15:45b; Juan 6:63; 2 Cor. 3:6; 1 Juan 5:16a.

**II. Ang ekonomiya ng Diyos ay ang Diyos na naging tao sa laman sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao upang ang tao ay maging Diyos sa loob ng Espiritu sa pamamagitan ng transpormasyon para sa pagtatayo ng Diyos tungo sa tao at ng tao tungo sa Diyos upang matamo ang isang sama-samang Diyos-tao:**

A. Ang pinakakahanga-hanga, ekselente, mahiwaga, at nagpapaloob ng lahat na transpormasyon ng walang hanggan at Tres-unong Diyos sa Kanyang pagiging isang tao ay ang pagkilos ng Diyos sa loob ng tao para sa mga pagsasasakatuparan ng Kanyang walang hanggang ekonomiya—Mik. 5:2; Juan 1:14, 29; 3:14; 12:24; Gawa 13:33; 1 Ped. 1:3; 1 Cor. 15:45b; Gawa 2:36; 5:31; Heb. 4:14; 9:15; 7:22; 8:2:

1. Ang mga transpormasyong ito ay ang mga proseso kung saan ang Tres-unong Diyos ay dumaan sa Kanyang pagiging isang Diyos-tao, dinadala ang pagkadibino tungo sa pagkatao at inihahalo ang pagkadibino sa pagkatao bilang unang tularan para sa malakihang pagpaparami ng maraming Diyos-tao; Siya ang naging pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, dinadala ang Diyos sa tao at ginagawa ang Diyos na nakakaugnay, nahihipo, natatanggap, nararanasan, napapasok, at natatamasa—Juan 1:14; Col. 2:9; Roma 8:28-29.
2. Nagsasalita ang Diyos hinggil sa mga transpormasyong ito sa Oseas 11:4 sa pagsasabing, "Akin silang pinatnubayan ng mga tali ng isang tao, / Ng mga panali ng pag-ibig"; ang pariralang *ng mga tali ng isang tao, ng mga panali ng pag-ibig* ay nagpapakita na iniibig tayo ng Diyos ng Kanyang dibinong pag-ibig hindi sa antas ng pagkadibino kundi sa antas ng pagkatao; ang pag-ibig ng Diyos ay dibino, subalit ito ay umaabot sa atin sa mga tali ng isang tao, yaon ay, sa pamamagitan ng pagkatao ni Kristo:
   a. Ang mga tali (ang mga transpormasyon, ang mga proseso) kung saan binabatak tayo ng Diyos ay nagpapaloob ng pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit ni Kristo; sa pamamagitan ng lahat ng mga hakbanging ito ni Kristo sa Kanyang pagkatao na ang pag-ibig ng Diyos sa Kanyang pagliligtas ay umaabot sa atin—Jer. 31:3; Juan 3:14, 16; 6:44; 12:32; Roma 5:5, 8; 1 Juan 4:8-10, 16, 19.
   b. Hiwalay kay Kristo, ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos, ang Kanyang di-nagbabago, sumusupil na pag-ibig, ay hindi magiging nananaig kaugnay sa atin; ang di-nagbabagong pag-ibig ng Diyos ay nananaig sapagkat ito ay ang pag-ibig sa loob ni Kristo, kasama si Kristo, sa pamamagitan ni Kristo, at para kay Kristo.
   c. Ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos ay laging matagumpay; sa kalaunan, sa kabila ng ating mga kabiguan at mga kamalian, ang pag-ibig ng Diyos ay magtatamo ng tagumpay—Roma 8:35-39.

B. Ang transpormasyon ng may tatlong bahaging tao ay ang pagkilos ng Diyos upang gawing Diyos ang tao, upang buuan ang tao ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos; sa pagpapakita ng Diyos sa kanya, nakita ni Job ang Diyos nang sa gayon ay matamo ang Diyos upang matransporma ng Diyos para sa layunin ng Diyos—Job 38:1-3; 42:1-6; 2 Cor. 3:16-18; Heb. 12:1-2a:
1. Ang pagkakita sa Diyos ay nagreresulta sa transpormasyon ng ating katauhan tungo sa larawan ng Diyos; kaya, lalo tayong tumitingin sa Kanya bilang napasukdol na Espiritu sa loob ng ating espiritu, lalo nating natatanggap ang lahat ng Kanyang mga sangkap tungo sa ating katauhan bilang dibinong elemento upang maalis ang ating lumang elemento nang sa gayon ang ating buong katauhan ay maging bago; ang ating buhay-Kristiyano ay hindi isang bagay ng pagbabago sa panlabas kundi ng pagiging natransporma mula sa loob—2 Cor. 3:18; Awit 27:4; Gal. 6:15-16.
2. Maaari tayong manatili sa pang-araw-araw na proseso ng transpormasyon sa pamamagitan ng pagbaling ng ating puso sa Panginoon nang sa gayon ay mamasdan at maaninag natin Siya nang may mukhang walang talukbong; ang isang walang talukbong na mukha ay isang puso na bumabaling sa Panginoon—2 Cor. 3:16, 18:
   a. Ang ibaling ang ating puso sa Panginoon ay ang ibigin ang Panginoon; lalo nating iniibig ang Panginoon, lalong magiging bukas ang ating puso sa Panginoon, at magkakaroon Siya ng daan upang lumaganap mula sa ating espiritu tungo sa lahat ng bahagi ng ating puso.
   b. Ang ibaling ang ating puso sa Panginoon, ang buksan ang ating puso sa Panginoon, ay ang susi sa ating paglago sa buhay; mabubuksan natin ang ating puso sa Panginoon sa pamamagitan lamang ng pagsasabi sa Panginoon, "O Panginoon, iniibig Kita; nais kong malugod Ka."

c. Habang minamasdan natin ang Panginoon araw kada araw sa lahat ng ating sitwasyon (Awit 27:4), maaaninag natin ang kaluwalhatian ng Panginoon at matatransporma tungo sa Kanyang larawan mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian.
d. Maraming Kristiyano ang hindi nagagalak sapagkat ang Espiritu sa loob nila ay hindi nagagalak (Efe. 4:30; cf. Awit 16:11; 43:4; Gawa 3:19-20; Exo. 33:11, 14-17; Heb. 1:9; Jer. 15:16; Juan 15:9-11; 1 Juan 1:3-4; 2 Juan 12; Fil. 4:4); kung hindi natin ibabaling ang ating puso sa Panginoon upang hayaan ang Espiritu ng Panginoon na lumaganap mula sa ating espiritu tungo sa ating puso, madarama nating napipigilan tayo at malungkot.
e. Kung saan naroon ang Espiritu ng Panginoon, naroon ang kalayaan (2 Cor. 3:17); kung may magsasabi na ang isang pagpupulong ay nakakabagot, dapat nating matanto na siya mismo itong nababagot sa loob; ngunit kung ibabaling natin ang ating puso sa Panginoon, matatamasa natin ang Espiritu bilang ating kalayaan.
f. Kapag ang nagpapalayang Espiritu ay nagkaroon ng daang lumaganap tungo sa lahat ng bahagi ng ating puso, tayo ay nakakalagan, nangingibabaw, at malaya; ang kalayaang ito ay kaluwalhatian, na siyang ang presensiya ng Diyos at ang kahayagan ng Diyos; nadarama natin na dakila, marangal, at maluwalhati sapagkat tayo ay natatransporma tungo sa Kanyang larawan—b. 18; Gen. 1:26.

C. Ang transpormasyon ang naglilipat sa atin mula sa isang anyo, ang anyo ng lumang tao, tungo sa isa pang anyo, ang anyo ng bagong tao; isinasakatuparan ng Panginoon ang transpormasyong ito sa pamamagitan ng pagpapatay ng kamatayan ni Kristo—2 Cor. 4:10-12, 16-18:
1. Sinasabi ni Pablo sa 2 Corinto 4:10 na lagi nating tinataglay sa ating katawan ang paglalagay sa kamatayan kay Hesus; *ang paglalagay sa kamatayan* ay nangangahulugang pagpatay; ang kamatayan ni Kristo ay pumapatay sa atin—1 Cor. 15:31, 36; Juan 12:24-26; 2 Cor. 1:8-9.
2. Ang kamatayan ni Kristo ay nasa timpladang Espiritu; ang Espiritu ay ang pag-aaplay ng kamatayan ni Kristo at ang bisa nito—Exo. 30:22-25; Roma 8:13.
3. Ang buhay-Kristiyano ay isang buhay na sa lahat ng panahon ay nasa ilalim ng pagpatay ng timpladang Espiritu; ang araw-araw na pagpatay na ito ay isinasagawa ng nananahanang Espiritu kalakip ang kapaligiran bilang pumapatay na sandata.
4. Sa ilalim ng dibino at soberanong pagsasaayos, ang lahat ng bagay ay magkakalakip na gumagawa para sa ating ikabubuti, para sa ating transpormasyon, sa pamamagitan ng pagpatay ng kamatayan ni Kristo; ang "ikabubuti" sa Roma 8:28 ay walang kinalaman sa mga pisikal na tao, pangyayari, o mga bagay; Isa lamang ang mabuti—ang Diyos—Luc. 18:19:
   a. Ang lahat ng tao, lahat ng pangyayari, at lahat ng bagay na may kinalaman sa atin ay ang mga pamamaraan ng Espiritu Santo upang isagawa ang mabuti para sa atin upang tayo ay makargahan ng mabuti (Awit 68:19a), ng Tres-unong Diyos Mismo (cf. Gen. 45:5; 50:20).
   b. Ang lahat ng tao at lahat ng sitwasyon na may kinalaman sa atin ay isinaayos ng Espiritu ng Diyos upang iakma ang Kanyang gawain sa loob natin nang sa gayon tayo ay matransporma at maiwangis sa larawan ng panganay na Anak ng Diyos—cf. Mat. 10:29-31.

D. Ang transpormasyon ay naisasagawa sa loob natin habang nararanasan natin ang disiplina ng Espiritu Santo—Roma 8:2, 28-29; Heb. 12:5-14:
1. Ang gawain ng Espiritu Santo sa loob natin ay upang buuan tayo ng isang bagong katauhan para sa atin, subalit ang gawain ng Espiritu sa labas ay upang wasakin ang bawat aspekto ng ating natural na katauhan sa pamamagitan ng ating kapaligiran—cf. Jer. 48:11.
2. Dapat tayong makipagtulungan sa panloob na gumagawang Espiritu at tanggapin ang kapaligirang isinaayos ng Diyos para sa atin—Fil. 4:12; Efe. 3:1; 4:1; 6:20; 1 Cor. 7:24.

**III. Ang ministeryo ay ang kinalabasan ng pahayag na dinagdagan ng pagdurusa—ang nakikita natin ay naisasagawa tungo sa atin sa pamamagitan ng pagdurusa; kaya, ang ating inihahain ay ang kung ano tayo:**

A. Bagama't ang mga tagapaghain ay marami, sila ay may iisa lamang na ministeryo—ang ministeryo ng bagong tipan para sa pagsasakatuparan ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos; ang ating paggawang kasama ni Kristo ay upang isagawa ang namumukod-tanging ministeryong ito, ang paghahain ng Kristo sa mga tao para sa pagtatayo ng Kanyang Katawan—Gawa 1:17; Efe. 4:11-12; 1 Tim. 1:12; 2 Cor. 4:1; 6:1a.

B. Sa kabuuan, ang Katawan ay may isa, namumukod-tanging sama-samang ministeryo, subalit dahil ang ministeryong ito ay ang paglilingkod ng Katawan ni Kristo at dahil ang Katawan ay maraming sangkap, ang lahat ng sangkap ay may kani-kanilang sariling ministeryo para sa pagsasagawa ng namumukod-tanging ministeryo—Gawa 20:24; 21:19; 2 Tim. 4:5; Col. 4:17.

C. Ang ministeryo ay para sa paghahain ng Kristo na ating naranasan, at ito ay naibubuo ng, at naibubunga at naihuhulma ng, mga karanasan ng kayamanan ni Kristo na natamo sa pamamagitan ng mga pagdurusa, nang-uubos na panggigipit, at ng pumapatay na gawain ng krus—Gawa 9:15-16; Col. 1:24; Fil. 3:10; 1 Tim. 4:6; 2 Cor. 1:4-6, 8-9, 12; 3:3, 6:

1. Ang ministeryo ng Espiritu ay upang tayo ay umabot sa mataas na rurok ng dibinong pahayag sa pamamagitan ng ating paghahain ng Kristo bilang Espiritu, na nagbibigay ng buhay—bb. 8-9, 6, 3;Apoc. 22:17a.
2. Ang ministeryo ng katuwiran ay upang makapasok tayo tungo sa Diyos-taong pamumuhay sa pamamagitan ng ating paghahain ng Kristo hindi lamang bilang ating obhektibong katuwiran bagkus bilang ating subhektibo at ipinamuhay na katuwiran para sa tunay na kahayagan ni Kristo—Roma 5:17; Fil. 3:9; Apoc. 19:8.
3. Ang ministeryo ng pagkakasundo ay upang makapagpastol tayo ng mga tao ayon sa Diyos (sa kaisahan kay Kristo sa Kanyang makalangit na ministeryo ng pagpapastol) sa pamamagitan ng ating paghahain ng Kristo bilang salita ng pagkakasundo nang sa gayon ay madala natin ang bayan ng Diyos sa kanilang espiritu bilang ang Kabanal-banalan upang sila ay maging mga taong nasa espiritu—2 Cor. 5:18-20; Juan 21:15-17; 1 Ped. 5:2-4; 2:25; Apoc. 1:12-13; Heb. 10:19, 22; 1 Cor. 2:15.
4. Sa pamamagitan ng ating lubusang pagpasok sa gayong kamangha-manghang ministeryo sa tatlong aspekto nito, ang Panginoon ay magkakaroon ng daan upang dalhin ang mga ekklesia tungo sa isang bagong pagpapanauli.

D. Ang kapighatian ay isang matamis na pagdalaw at pagkakatawang-tao ng biyaya kalakip ang lahat ng kayamanan ni Kristo; ang biyaya ay dumadalaw sa atin pangunahing sa anyo ng kapighatian—12:7-10:

1. Sa pamamagitan ng mga kapighatian, ang pumamapatay na epekto ng krus ni Kristo sa ating natural na katauhan ay iniaaplay sa atin ng Espiritu Santo, gumagawa ng daan para sa Diyos ng pagkabuhay na muli na idagdag ang Kanyang sarili sa atin—1:8-9; 4:16-18.
2. Ang kapighatian ay nagbubunga ng pagtitiis, na nagbubunga ng kalidad ng pagiging aprobado—isang aprobadong kalidad o katangian na nagreresulta mula sa pagtitiis at pagdaranas ng kapighatian at pagsubok—Roma 5:3-4.

E. Ibinuhos ng Diyos ang Kanyang sarili bilang pag-ibig sa ating mga puso kalakip ang Espiritu Santo, na ibinigay sa atin, bilang ang nagpapaganyak na kapangyarihan sa loob natin, upang tayo ay higit pang makapanagumpay sa lahat ng ating kapighatian; samakatwid, kapag napagtitiisan natin ang anumang uri ng kapighatian, tayo ay hindi napapahiya kundi naipamumuhay si Kristo para sa pagdadakila sa Kanya—b. 5; 8:31-39; 2 Cor. 5:14-15; Fil. 1:19-21a.

*© 2020 Living Stream Ministry*